# SHEET NG KATOTOHANAN:
# DIRIDON STATION

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*






*Konseptong larawan - Pwedeng magbago*

Ilalagay ang Diridon Station sa pagitan ng Montgomery at Cahill Streets, sa gawing timog ng Santa Clara Street. Ilalagay kapantay ng kalye ang pagbili ng tiket at ang mga fare gates habang ang concourse at mga stacked platform ay nasa underground (ilalim ng lupa). Sa mga dulong silangan at kanluran ng platform, gagawa ng pang-emerhensyang labasan at mga pasilidad para sa bentilasyon. Malalagay ng mga koneksyon sa pedestriyan sa kasalukuyang Diridon Caltrain Station at sa Diridon Light Rail Station ng VTA pati na sa Diridon Intermodal Station. Isasama ang bahaging istasyon sa kombinasyong pagpapaunlad na nakapalibot dito, kabilang na ang Downtown West ng Google, gagawa ng pinag-isipang mabuting komunidad na nakatuon sa transit.

Nakahanda na ang Diridon Station na maging susunod na sentro ng residensyal at lugar ng trabaho ng sentral San José at tahanan ng San José Sharks at iba pang libangan sa SAP Center. Sa kanluran ng istasyon, makakadaan na sa nakalinyang punong bangketa ng Alameda ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta patungo sa mga shop at restawran.

## Diridon Station: Sa isang Tingin

**9,900**
Mga pasahero kapag weekday sa 2040

**10** Magseserbisyo sa Hub ang Panrehiyong mga Provider ng Transit

Katabi ng venue para sa malaking event ng South Bay, **SAP Center**

Sa loob ng pinakasentro ng pagpapaunlad ng Downtown West sa hinaharap

Nasa distansyang kayang lakarin patungo sa mga shop at restawran ng Alameda

Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA (Phase II Project) ay isang anim na milya, apat na istasyong ekstensyong ng BART mula Berryessa/North San José Station (bukas na noong 2020) hanggang downtown San José patungo sa Lunsod ng Santa Clara. Isinaplano ang Phase II Project na may kasamang tinatayang limang milyang subway, tatlong istasyon na may mga underground platform (28th Street/Little Portugal, Downtown San José, at Diridon), isang ground-level na istasyon (Santa Clara), isang maintenance ng tren at pasilidad para sa imbakan, at karagdagang mga pasilidad.

*Pagpapatuloy sa susunod na pahina.*

*Mga kapartner sa pagpopondo ng proyekto*
2000 MEASURE A
CalSTA
2016 MEASURE B VTA




Valley Transportation Authority
Solutions that move you

| | |
|---|---|
| (408) 321-7575 | English |
| (408) 321-2300 | Español, Tagalog, Português, 粵/華語, Tiếng Việt, 한국어 |
| (408) 321-2330 | TTY |

vta.org/bart
vtabart@vtabsv.com
facebook.com/bartsv
twitter.com/bartsv